I. **Title of Activity: Focus Group Discussion on Women in Detention**

II. **Date : August 30, 3019**

III. **Venue : Sorsogon BJMP District Jail, Sorsogon City**


IV. **Objectives :**


- Document human rights issues and lived experiences of women in detention;
- Provide space for women in detention to discuss their experiences on (a) their situation during detention; (b) their security and protection from all forms of violence; (c) access to health services, including reproductive health services; and (d) needs for family contact, including children;
- Monitor the government's compliance with its obligation with respect to women in detention and to draft corresponding recommendations to promote the rights and dignity of women in detention in accordance with international standards; and
- Surface gendered nature of detention through women's lived experiences and to provide a space for women in detention to express their hopes and dreams through creative expression – quilt-making

## V. ACTIVITY DESIGN AND METHODOLOGIES

| ACTIVITY | OBJECTIVES | PARTICIPANTS |
|---|---|---|
| **<u>3 Simultaneous Focus Group Discussions</u>**<br><br>(1) Women (including pregnant women, women with disability)<br>(2) Older Women (above 60 years old)<br>(3) Lesbians, Bisexuals, Transgender<br><br>(2 hours) | ○ To surface experiences of women in detention, specially those facing multiple and intersecting forms of discrimination;<br>○ To provide a baseline on women's experiences during detention, particularly on security and safety, health, and contact with outside world and family responsibilities; and<br>○ To generate recommendations for the government based on women's experiences and stories | 7-8 Women Prisoners<br><br>7-8 Older Women Prisoners<br><br>7-8 Lesbians, Bisexuals and Transgender Women |
| **<u>Quilt Art Work on Women's Dreams and Hopes</u>**<br><br>(1 hour) | ○ To provide a venue for women to creatively express their hopes and dreams, and to create a quilt/patchwork for the facility showing women's hopes and dreams | 7-8 Women Prisoners<br><br>7-8 Older Women Prisoners<br><br>7-8 Lesbians, Bisexuals and Transgender Women |

V. THE WOMEN AT WORK ON THEIR QUILT ART





## VI. ISSUES AND CHALLENGES FACED BY WOMEN IN DETENTION

### A. General Living Conditions

A number of the women found the detention facility spacious and comfortable, but are generally in agreement that the water supply is inadequate for proper hygiene and laundry purposes. Some of the inmates have to pay for water to be fetched from the jetmatic pump which is located some meters away from their cell. While there is adequate supply of food, many have expressed dissatisfaction with its nutritional content.

### B. Security

Three (3) of the nineteen (19) female detainees said that they did not feel safe inside the jail. Two of them cited as reason the discriminatory treatment by detention facility officers, i.e., threatening the detainees, taking sides in the fights, using abusive language, etc. One alleged that she had been subjected to sexual abuse while in detention at the Sorsogon Provincial Jail, and further revealed that she did not know where to seek assistance, ignorant as she is of the complaints process. A number of them complained to their "coordinator" about some issues, but nothing is being done to bring such complaints to the attention of the BJMP.

Any infraction of the rules meted a punishment ranging from physical punishment (facing the wall, pumping) to public humiliation, denial of privileges (family visits, phone calls, and livelihood) , and isolation (being padlocked without external communication). The worst form of punishment is being dropped from the roll of detainees who can avail of GCTA.

### C. Health

Generally, the facility dispenses vitamins and medicines for such ailments as fever, LBM, high blood pressure, and diabetes. Other health care services are provided during medical and dental missions in the facility. A court order has to be secured first before a sick detainee is allowed to leave the facility and seek medical attention.

With one or two exceptions, the women disclosed that the facility does not provide for the special needs of women detainees. Instead, they get regular supply of sanitary napkins, underwear and bra, toothpaste, and bathing soap from their family. Moreover, the facility does not provide for the reproductive health needs of the women such as regular screening for breast cancer, STD and HIV.

RepublikangPilipinas
**Komisyon ng Karapatang Pantao**
(Commission on Human Rights)
Region V
Regional Center Site
Rawis, Legazpi City

# TRANSCRIPT

of the stenographic notes taken down by the undersigned during The **"Focus Group Discussions on the Situation of Women in Detention and Capacity Building on the Bangkok Rules for Detention Facility Officers of the** Commissison on Human Rights V held on 30th day of August 2019 at Sorsogon City District Jail, Sorsogon.

## ATTENDANCE

(Please attached Attendance Sheet)

Evelyn M. Hamilton- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - documentor

Ms. Nelia Almonte – started the program. Kami po ay taga Komisyon on Human Regional Office No. 5, ang opisina po naming ay nandoon sa Rawis Regional Center Site sa Legazpi City. Ang saaming team ay compuesto po na pinamamayuhan ni Atty. Jack Del Rosario. Ako po si Nelia Almonte Information Officer 3 kami po ang in charge at saka si Ms. Genneva Avila, sa Human Rights Information training at saka Education sa mga seminar kaming dalawa at saka kasama naming si per incharge sa ating meals.snack and lunch. This afternoon mga jail officers naman. An ating paguusapan ngayon ay tungkol sa inyong kalagayan dito sa detention cell at saka ano ang gusto ninyong iparating sa amin na dapat iyan ang mangyari at rekomendasyon para mabigyan ng kasagutan ang inyong mga hinaing tungkol sa inyong kalagayan kung meron mang mga isyo. Tapos mamaya 11 a;m, pakatapos natin mag usap sa inyong kalagayan dito, mayroon tayong session para ma express ta ang ating nararamdaman sa pamamaraan ng pag drawing . ipapahayag ninyo kung ano ang gusto ninyong mangyari sa buhay ninyo

pakatapos nitong pagsubok na ito sa buhay ninyo? Syempre nag asa kayong makalaya di ba dito sa kulungan? at ano at sino ang nagbibigay ng lakas nang loob sa inyo para magsumikap kayong makalaya dito. Ipapahayag ninyo iyan sa pamamaraan ng pag drawing. Bago tayo mag simula magbibigay kami ng consent form na ibig sabihin kung ano ang ibibigay ninyong information sa amin ay kusang loob ninyo iyan na ibinigay at hindi po iyan makakalabas at hindi malaman na kahit nino, confidential po iyan para lang iyan sa office namin.

Ms. Avila: Magsisimula na tayo una sa pagpakilala, , magdrawing kayo dyan ng smily face kung kayo masaya o malungkot dito sa bilanggoan sa araw araw ninyong pamalagi dito.

I. PAGPAPAKILALA

A. Alin sa mga emosyon ang inyong pangkaraniwang hatid sa pang-araw –araw dito sa bilangguan?

Ms. Avila: Karamihan sa inyo ay malungkot. Sino sa inyo ang gustong magpaliwanag dito sa harapan para sa inyong nararamdaman?

ako happy.

Ms. Avila- Bakit happy?

Sagot: Sa spiritual life kasi, makuntento kasi dapat tayo kung ano man ang kinalalagyan natin ngayon, kahit saan man happy ka lang dapat, sabi ng dios dapat makuntento ka kung ano man iyan, at iyon lang po kaya masaya po ako. The most important thing kung bakit masaya ako iyan ay ang dios. Thank you ma'am.

Ako malungkot.

Ms. Avila – Bakit po malungkot?

Sagot - Kasi hindi ko nap o kapiling ang mga apo ko ko. Iyong pinatulog ko lang po kinasuhan ako, hindi ko akalain na makulong ako, wala naman po akong ginagawang masama, kapitbahay nainggit, kaya hindi ko kayang magtiis dito ng isang taon, mataas po lagi ang sugar ko, at 160/140 lagi ang dugo ko, sana ang last hearing ko na October 25, sasbi nang abogado ko ma dismiss na iyong kaso ko, kaya sana nalang matuloy po. Salamat po mam.

Sino pa po?

Malungkot po ako ma'am.

Ms. Avila: Bakit malungkot kayo?

Sagot: kasi 6 years nap o ako dito sa loob ng bilangguan, mahirap lang ang pamilya ko, at hindi ko po alam kung sino ang lalapitan ko para ipaalam sa totoong

nangyari s kaso ko, ngayon po sa araw araw na nangyari sa loob ng kulungan, may mga nagyayari na hindi maganda, galing po ako Provincial jail at nalipat po ako dito sa BJMP.

Ms. Avila: Saan nangyari sa Provincial Jail?

Sagot: sa Provincial jail at dito po sa BJMP. Iba iba man po ang naranasan ko sa Provincial Jail at ditto sa BJMP.

Ms. Avila: Ano po ang naranasan ninyo?

Sagot: Bigyan lang po ako ng privacy para masabi ko, ang ibig kong sabihin na hindi po dapat malaman ng ibang tao.

Ms. Avila: Ito po kaya ni rerecord namin at makakaabot ito sa central office dahil gagawan naming ng report.

Sagot: Pwede po e record ang gusto ko pong sabihin tayo lang ang naka alam hindi na po e publiko. May nagyayari po sa akin na sexual abuse sa Provincial jail at dito sa BJMP. Salamat po.

Ms. Avila: Sino pa po ang gusto magsalita? Ano ang pangalan ninyo, at ano ang naramdaman ninyo sa araw –araw dito sa bilangguan?

Ang nararamdaman ko ditto sa araw araw ay malungkot, kasi bawat isa po dito sa amin sa loob ay may pamilya na po, ang problema po dito sobrang higpit sa amin pero sa iba hindi naman, tapos ang pagkain namin hindi sapat.

Ms. Avila: Pero maayos ang pagka luto?

Sagot: Minsan hindi po. Tapos ma'am kagaya ko na malapit ng lumaya, tuwing hearing naming pinapaasa kami na lalaya na pero hindi pa man pala. Iyan lang po salamat.

Ms. Avila: Okay! Salamat po sa inyo na mga nag volunteer na nagsalita kung ano ang naramdaman ninyo ditto sa loob ng bilangguan. At mayroon pa tayong ibang katanungan dito gamitin nalang ninyo ang metacards.

Sagot:

- - Okay man po dito sa kulungan, maganda man po ang pagtrato nang mga kasamahan ko.

- Ang sad emotion na laging pumapasok sa utak ko minsan di ako makatulog, dahil gusto ko na makapiling sa pag tulog ang mga anak ko at maalagaan.

- – Gusto ko lang po itanong na kapag family day po na sinasabi, kelangan po ba talaga na 1 hour lang po naming makakapiling ang mga anak namin at pamilya. Hindi po ba pwedeng dagdagan po ang oras, kasi parang ang sakit sakit naman po sa pakiramdam na Sunday family day na sinasabi na isang oras lang ang pagitan na ibinibigay nila. Pwede po ba namin mapakiusapan ang BJMP na kahit half day? Kasi sa parehas ko po na babae isang nanay sobrang miss na miss ko na ang mga anak ko, parang hindi sapat ang isang oras lang. Sana po maawa naman sila sa amin. Sana po matulungan kami na maaksyunan ang aming kahilingan, napaka simpleng request lang po ito na a sana matugunan para sa mga pareho naming nanay na gusto makapiling ang mga anak na matagal ng nawalay sa amin at hindi ko na nabantayan.

- – In my own opinion or suggestion that ibalik po sana ang dating oras n gaming dalaw lalo nap o kung Sunday, family day para maka bonding an gaming mga mahal sa buhay, at kung ordinary day naman po, (Tuesday to Friday) ang dapat sa visiting area hindi sa loob ng dorm na kung saan ma feel mo talaga ang isang bilanggo.

- Nawawalan nap o ng karapatan ang mga kababaihan na magkaroon ng magpaliwanag o magdahilan kahit alam naman po nila na sa simpleng pagkakamali malaki ang magiging parusa sa amin, nawawalan ng livelihood, dalaw at kung ano ano pa po, ang prebilihiyo na karapatan din para sa pamilya.

B. Ano ang pinaka-maigting na issue ang iyong kinakaharap bilang babae sa loob ng kulungan?

Sagot:

- Hindi pwede mag laba sa banyo at ako ay disabled na, kaya hindi ako pwede maglaba sa poso.

- Pagkain na bawal sa YTY, galing kami sa Sorsogon Provincial Jail (SPJ), iba iba ang tao dito.

- Mayroon kaming kasama dito sa loob na mahilig mag fabricate ng estorya, like ginagamit po niya dropping name, like sabi ni warden, tapos lagi po kaming nagkakagulo halos araw araw.

- – Sana lahat pinapakinggan bawat hinaing o may problema sa loob, hindi iyong isa tama yung isa lagi nalang mali, may mga bagay po kasi ditto sa loob ng kulungan na kahit maliit na bagay big issue para sa iba, dahil bawat isa may karapatan man siguro ipaglaban ang sarili. Ang problema kasi dito kung sino namumuno kahit may mali din o sobra na masakit magsalita di ka dapat sasagot. Okay lang sana iyang ganyan basta marunong din sana magrespeto sa kapwa para respetuhin din. At saka panindigan sana su tama lang manindigan pantay pantay lang dapat.

- - Bigyan pansin ang pagiging pantay-pantay na walang pinapanigan, tama man o mali, may tamang proseso para ma solusyunan ang problema hindi porke friend mo, siya na ang papanigan mo.

- – Walang dalaw dahil sa mahirap lang kami at hindi ako taga rito, nahihirapan ako sa mga kailangan ko sa araw-araw. Pambayad sa Atty. dahil hindi ako tinanggap sa PAO. Pini pressure ako. Mayroon akong naramdaman na hindi ko napapagamot.

- - Ito iyong mga taong sangkot sa Fabrication of stories, (HR advocate/Political detainee) saan kami mag complain

- – Name dropping of name of personnel. Ang babae na sinasabi ko ay si – Harassment using GCTA, Physical contact , dinidiktahan ang coordinator.

- – Lagi nalang po masama ang loob niya sa akin ito po ay si na kasama ko sa loob, hanngang ngayon ay may tao pa rin, bakit ganoon ang ugali niya sa akin? Ano ang dapat kung gawin?

  - Dapat bigyan ng tamang karapatan at dapat protektahan ang kababaihan at turuan na formal sa kanilang mga gawi, at hindi e tolerate ang mali na pananamit, at sa mali na pagsasalita dito.

  - Magkasala man po kami ng konting bagay lang na wala man binabasihan na totoo, mawawalan po kami ng dalaw, livelihood kahit ano na ang parusa sa amin mga babae o bawat isa sa loob ng dorm.

  - Bihira po an dalaw ko, may sakit po ako.

## II. KALAGAYAN SA KULUNGAN

Kalagayan sa kulungan Para sa matatanda, pero dahil wala tayong matatanda ito ay para nalang sa lahat, kasi hindi lang naman ang matatanda ang apektado dito, tungkol poi to sa mga sumusunod issue at ang tanong?

**A. pagkain, tubig at espasyo**

**(1) Sapat ba ang supply ng pagkain at tubig sa loob ng kulungan? Ang espasyo?**

**SAGOT:**

- – Hindi sapat o kulang po ang rasyon ng pagkain namin dito sa loob ng Jail, ayon po sa budget. Ang hirap ng tubig naming dito walang supply galing sa puso an tubig ditto madumi pa. Wala kaming higaan sa semento po kami nakahiga.

- – Mahirap ditto ang tubig at pagkain bihira nga po magkaroon ng dalaw , ang ulam hindi masustansya sobra kahigpit. Tubig at pagkain, at hindi pa naming nakakasama ng matagal ang pamilya namin.

- – Maluwang espasyo, komportable.

- – Hindi po sapat ang pagkain-dito sa loob ng BJMP, kulang po ang tubig sa amin ditto, katulad ko hindi ako taga rito, minsan lalo ako, wala dalaw kasi malayo ako sa Davao pa, kaya hirap po ako sa loob dito.

- – Hindi sapat ang supply ng tubig, minsan late po ang pagkain, komportable naman po kami, minsan di po kung sobra ang gamit, nagpapa igib po kami ng tubig, nagbabayad nalang po kami.

- – Hindi sapat ang tubig, hindi sapat ang pagkain, walang gulay minsan lang, sapat ang espasyo, komportable sa espasyo ang tubig ang iba ay iniigib.

- - Hindi po sapat ang tubig, iyon po ang pinaka malaking isyu, binabawasan po ng bed banks an mga kababaihan once may issue, baka po pwede na ma provide na mabigyan lahat at hindi bawasan, hindi nutritious ang pagkain, Kulang po talaga ang tubig, walang tubig sa umaga isang timba lang po ang allowed na timba, nagbabayad po kami ng 2 piso para sa taga igib ang problema papano po iyong walang dalaw na wala naman source of income like livelihood?

- – Sa pagkain tama lang, sa tubig medyo pahirapan lalo na pag walang kuryente, kailangan pang magbayad kahit maliit lang ang problema paano pag walang wala? Sa espasyo walang sapat o tamang higaan sa aming ibang mga walang tarima, mahirap kasi sa katulad ko madaling magkasakit sa katawan dala ng lamig. Komportable din, Ginagawaan ng paraan kahit maliit na bagay ksysa mahirapan.

- – Tama lang naman ang pagkain, pero walang gulay, Water not really, okay lang naman ang palikuran.

- - Hindi po sapat ang tubig, nagpapaigib po kami, kaya lang paano ang tulad ko na walang dalaw, kailangan magpuyat kasi walang tubig sa araw.

- – Para sa akin sapat naman ang binibigay na supply sa pagkain man o sa tubig, ngunit talagang kailangan lang ang limitasyon dshil may mga oras na pagbibigay ng pagkain at tubig. Okay lang naman pero talagang kailangan lang limitahan ang pagamit ng tubig upang maging sapat. Buibili ng pagkain at para naman sa tubig nag babayad para mag pa igib pag walang patak ang gripo.

- – Sapat ang supply ng pagkain ang tubig ay hindi, dahil bago pa lang ang pasilidad at isinasaayos pa ang daluyan ng tubig. Ang espasyo ay okay lang maluwang, ayos naman an aming paliligo, naapektuhan ako bilang nakakatanda kung may nag diskusyon o hindi pag kakaunawaan pero naayos din.

**(2) Ano ang kondisyon ng palikuran? (Komportable ba kayong nakakapaligo etc.?**

**(3) Kung, hindi sapat, paano ito natutugunan?**

**matanda, buntis, may sakit, may kapansanan**?

SAGOT:

- - Natutugunan ang lahat ng pangangailangan namin dito sa loob ng kulungan, galing po sa pamilya naming pag dumalaw po. Ang hirap po ng kalagayan ditto sa loob ng jail pag wala kang pamilya.

**C. Natutugunan ba ang espesyal mo na pangangailangan bilang babae? May nakukuha k aba na sanitary napkins, underwear and bra, sabon, toothpaste?**

**SAGOT:**

- – May nagbigay . (Thanks to our God)

- - Minsan nag donate ang born again.

- – Ang tumutugon sa aking espesyal na pangangailangan ay ang aking pamilya kapag sila ay dumadalaw.

- – Pamilya ang kalimitan. Minsan naman may mga gift giving sa
- mga activities na nasalihan namin.

- – Pamilya ang madalas nagbibigay n gaming kailangan.

- – Pamilya po naming ang kadalasang nagbibigay minsan may nag donate pero bihira lang.

- – Ang Family po naming ang nagprovide ng personal na pangangailangan, meron nagbibigay pero occasional lang.

- – Nagsisikap na lang po ako kasi wala akong pamilya mahirap lang kami walang pamasahe para makadalaw.

- – Byenan or pamilya ko ang nagbibigay ng personal na pangangailangan.

- – Pamilya po ang nagbibigay at nagdadala ng personal na pangangailangan naming, kahit po sa pagkain at kung ano ano pa po.

- – Pamilya po ang nag bibigay at nagdadala ng personal na pangangailangan po naming.

## III. SEGURIDAD

**A- Naramdaman nyo ban a kayo ay ligtas mula sa karahasan at sa ano mang porma ng pang-aabuso sa loob ng kulungan? Kung hindi, bakit?**

**Ms. Nel- Mayroon tayong apat na uri ng karahasan: 1. Physical Abuse, wala bang nananakit sa inyo, 2. Psychological – wala bang nagmumura sa iyo 3. Sexual wala bang nangbabastos, nanghihipo nang babastos o ano anong uri ng sexual abuse 4. Economic abuse.**

SAGOT:

- – Hindi po, di ko naramdaman na ligtas, kasi po lagi nalang may mga isyu, katulad ng away away, kadalasan ang ibang opisyales sa loob ng dorm mahilig manakot, psychological po lagi ang gawa at emotional abuse. Minsan pinag-uusapan pero kadalasan sila lang ang nag-uusap diretso na sa custodial naming hindi saamin pinapa alam kung anong pinagusapan nila may custodial din na mahilig magpahiya.
- 
- – Opo dahil may tamang gabay nang mga personel na namamahala sa loob ng pasilidad, pero sadyang minsan di maiiwasan na mangamba dahil sa mga di pagkakaintindihan sa loob nang dorm dahil kasalanan ng isa kasalanan ng lahat.
- – Hindi po ligtas kasi marami ang hindi magandang nangyari sa akin sa loob ng kulungan mula SPJ to BJMP.
- – Hindi po ligtas kasi may kasamahan kami na Human Right Advocate at isang trustee may diskriminasyon, psychological abuse at threat.
- – Opo ligtas po ako, wala man po nang babastos sa akin.
- - para sa akin ligtas kasi sumusunod ako sa mga bawat patakaran para matuto sa pagkakamali.
- – Opo ligtas po ako ditto.

- - Opo ligtas naman kami in physical.

- – Ligtas naman po ako kapag sumusunod po sa mga patakaran at regulasyon, di naman po makakaramdam o makakaranas ng mga masamang salita mula sa personnel ng BJMP.

**B. Mayroon ba kayong alam or may mga karanasan ba kayo na pang-aabusong pisikal o sekswal (i.e., paninilip, abusadong pananalita, diskriminasyon, isolation) mula sa officer, kasamang bilanggo, o mga bisita? Paano ito tinugunan ng mga opisyales ng kulungan?**

**SAGOT:**

- – may karanasan akong pag-abuso, lalo na ang mga paninilip pag bobotohan nang mga masasakit na salita nang bawat mga preso.

- – katulad ko po naranasan ko ang suntok at tadyak, at walang magawa ang mga kasama kung pdl walang nangyaring record sa araw na iyon at binawalan ako lumabas, tawag at dalaw, sa takot ko at wala akong magawa at umiiyak nalang. Walang ginagawang action kasi baka sila ang masagasaan, mga opisyales po kasi ng dorm ma'am.

- – may karanasan akong pag-abusong sekswal, pini pressure , pinagsasalitaan ng hindi maganda, abusado, diskriminasyon sa kasama ko sa loob at female custodial.

- - Mayroon akong karanasan sa Human rights advocate at isang trustee naming na si at mayroon diskiminasyon, psychological abuse, threat, harassment at abusadong pananalita kaya nagkaroon ng fear dahil sinabi ng isang custodial na "Hindi ba kayo natatakot dyan" kaya mas lalong lumalaki ang ulo at mas lalong natatakot ang aming mga kasamahan, kasi takot magsalita at hindi allam kung sino at kung saan pwede ireklamo.

- – Torturing our mind, kasi maraming parinig, dapat iwasan ang mga parinig.

- - Sa mga salita mayroon madalas manira o magsalita ng kung ano ano nalang at mapanghusga. Di mawawala ang mga paninira, inggit. Ang kapwa ko preso may nanghahamon, nagbabanta pero hindi naman pinahihintulutan ng mga personnel, minsan di lang nasusulosyunan dahil may warning lang lagi na pinapaalala.

**C. Kung may nangyari na karahasan o pang-aabuso sa loob ng kulungan, alam niyo ba kung kanino magrereklamo at kung ano ang proseso?**

**SAGOT:**

- – Mayroon po akong nakikita o naririnig dito sa loob ng dorm naming pisikal na pananalita, nagmumura, pagsisigaw sa amin sa loob ng kasamahan naming ng bilanggo dito na political detainee (NPA)

- - Pinapaalam namin sa coordinator pero hindi niya tinutugunan,

- – Walang nangyaring karahasan sa akin sa loob ng kulungan. Minsan inatake ako nerbyos di ako nabigyan kaagad ng gamut, sabi ng coordinator naming na dapat daw pag inatake imusmus ko daw ang muka ko sa rehas para daw ako gumaling. Sabi ng female custodial.

- – Hindi Alam po kaya lang usually hindi naman nakakaabot sa tamang authority (BJMP Management) dahil minsan hindi sinusumbong ng big sister kasi sa kanila mag bounceback at hindi pantay ang pagbigay ng penalidad.

- – Pinapaalam naman naming sa coordinator kaya lang syempre hindi man lahat na re resulbahan dahil minsan parang bale wala nalang.

- - may in charge kami siya nalang ang magsabi kay sir warden.

- – Hindi kop o alam kung saan ako lalapit or magrereklamo noon may nangyari sa akin na pang aabusong sekswal, sa Provincial Jail, gusto ko man magkaso kaya lang natakot ako at hindi ko alam ang proseso, wala akong pamilya.

- – Wala po akong maipaliwanang po kasi po lahat po nang bawal po ay dapat po sundin para walang proseso.

  - – Alama po naming kung kanino magrereklamo pero kadalasan iba po ang nangyayari, like dapat sa coordinator muna lagi siya na by pass, nauna pa makaalam ang hindi opisyales at sa labas ng dorm ekukwento.

**D. Pag may nagkasala sa kulungan, ano ang klase ng parusa ang pinapataw? (Ipaliwanag ang uri ng parusa, pag search sa selda o sa katawan, etc)**

SAGOT:

- – Searching, pumping, face the wall.

- – Ang parusa, Haircut pumping walang dalaw phone call at padlock.

- – Pumping, face the wall.
- – Face the wall.

- – Ma isolate, pumping, walang phone call, walang livelihood, face the wall, ilista ang pangalan para sa GCTA, padlock, pushed to speak infront of all (Humiliation) at maglinis ng CR o dorm.

- - Padlock, face the wall, 6 months walang dalaw, public apology at ang pinakamahirap at masakit ang mawawala o tatanggaling ang GCTA.

- – Pag nagkakasala na 3 beses pina pa full up , kaya gusto ko na uwi o laya.

- – para sa akin po kung susunod po sa lahat po hindi mara ranasan ang parusa para sa ikabubuti ko po.

- – Ang parusa ay pinapa pull up, pumping, naalisan ng livelihood o tinatanggalan tarima, padlock, bawal makipagusap, bawal magtanong, pero depende naman sa bigat ng pagkakamali.

- – pag nagkasala kami pina pa pumping, pull ups, face the wall, depende kung ilang oras, tapos bawal dalaw, bawal phone call, alam naman nila na mahirap ang kalagayan naming ditto , minsan po wala na kaming magagawa kasi isa lang po kaming preso.

- – Ang parusan ginagawa dati pumping at padlock, walang dalaw, walang phone call, alisan ng GCTA.

## IV. PANGANGAILANGANG KALUSUGAN

**A. Ano ang nakukuha nyo na serbesyong medical sa loob ng kulungan? Anong klaseng gamut at anong serbisyo?**

SAGOT:

- – at Vitamins ang libreng ibibigay ng BJMP sa mga PDL at kung sakali nagkakaroon ng lagnat inaasikaso naman po ng incharge naming at agad naman pong ina aksyunan ng nakatalagang nurse.
- \- Hindi sapat ang gamut isa lang ang binibigay sa diabetes lang po, lahat sa pera ko lang at kulang ang padala ng anak ko.
- – Sa gamut minsan pag hindi maganda ang pakiramdam mo, ito ay hindi natutugunan. Kulang sa gamut.
- – pagdating po sa serbisyong medical meron po kaming in charge doon po sasabihin kung ano nararamdaman, agad naman pong inaaksyunan ng naka assign na nurse.
- – Medical mission, dental, xray. Ang gamut mefenamic/paracetamol cephalexin and losartan. Para sa lbm at high blood pinapainom po kami ng tamang gamut, sapat naman po ang pag responde.
- – Meron naman Medical care.
- – ang nakukuha ng sa diabitis at wala na.
- – Minsan po may medical mission.
- – pag may medical mission po like dental.
- –Pag meron lang po medical mission, ang gamut na binibigay paracetamol, diatabs, amoxicillin dapat meron noon mam, dapat meron kami sa loob ng dorm.
- – natutugunan din ang mga gamut na kailangan pagmasama ang pakiramdam pero minsan pag wala at may kakulangan limit lang din po ang nabibigyan iyong mga ibang walang kakayahan magpabili.
- – Kadalasan sa medical assistance, ang pagdalaw po ng mga anak ko at kapatid dahil may schedule lang po. Financial assistance.
- Healing power of god. There is.

**B. Kung may medical emergency na nararanasan, paano ito natutugunan ng mga opisyales? (Gaya ng labis na pagdudugo, diabetes, high blood, etc.)**

**SAGOT:**

- – Natutugunan naman nila sa pamamagitan ng pagbibigay ng gamut.

- \- Nag kukuha ng court order.

- – Nabigyan naman po ako ng emergency assistance, pero po matagal ang process lalo pag wala ditto si warden at walang court order.

- – iyong mga ni recommend ng doctor hindi po natutugunan kasi kailangan po ng court order.

- – Sa pamamagitan ng pagdala po sa hospital o clinic ayon sa tulong din ng family ko at kapag may resita kung meron sa kanila naibibigay naman po.

**C. Natutugunan ba ang inyong pangangailangan sa reproductive health tulad ng buwanang dalaw pagdudugo, dysmenorrhea at pagpapa-examine sa STD or HIV bago ma admit sa kulungan?**

**SAGOT:**

- – wala po.

**D. Meron bang nakatalagang doctor o nurse sa kulungan? Kung meron ano ang kasarian? Meron bang regular screening para sa breast cancer o pap smear?**

SAGOT:

- May nurse naman po ditto, pero di naman lahat natutugunan niya lalaki po ang nurse ditto wala pong regular screening sa breast cancer at papsmear.

- – Wala po. May nurse pero mahirap ma reached out dini delegate niya sa PDL din na hindi naman alam o wala naming alam. Walang screening para sa breast cancer and pap smear.

## V. PANGANGAILANGAN NG INA AT ANAK

**A. Mayroon bas a inyo na nagbuntis o nanganak sa kulungan? Kung OO ano ang inyong karanasan?**

**SAGOT:**

- – Pagkatapos ko pong manganak, kinuha kaagad ang kambal kong anak ng ka live in ko na taga tacloban kasi bawal na pong ipasok ditto ang new born baby. Tinulungan din po ako ng mga personnel at binigyan

ako ng warden ng 150.00 para sa injection at ang ibang personnel tumulong din po.

**B. Sa may mga anak, kapatid, pamilya sa labas ng kulungan, paano nakaapekto ang iyong pagkakulong sa inyong pamilya? Sa inyong pagiging ina?**

**SAGOT:**

- – Sobra po akong naapektuhan sa pagkakakulong ko dahil napabayaan ang aking mga anak na maliliit hindi sila naalagaan, nagkasakit sila., hindo ko sila nakikita isang bes isang taon.

- – Hindi ko na alagaan aking mga anak, hindi ko nabibigay ang kailangan nila kasi ditto na ako sa kulungan.

- – Ang pag epekto sa akin ay ang pag asikaso, pag aroga at pag subaybay sa kanilang paglaki at pag aaral. Tuwing may dalaw pero hindi po sapat pati sa pag tawag.

- – Malungkot ako walay sa mga anak, hindi ko regular nakakausap ang mga anak ko kasi schedule ang phone call.

- – Malaking kaabalahan po sa akin kasi madami po sila at nag aaral. Mag asawa po kami na nandito sa kulungan, may special child po, wala po silang source of income, tinutulungan lang sila ng employer ko at mga kapatid ko, may maliit pa po at kailangan nila ang kalinga at gabay ng isang inang katulad ko.

- – Nakakaapekto ito dahil hindi ko magabay ang aking anak dahil sa aking kalagayan lalo na siya ay 2 in a half months palang at siya ay nagbe breastfeed pa at ang pangungulila sa anak ay napakasakit sa isang ina.

- – Napakahirap dahil sa pila pagdating ditto pagod at oras na naaksaya sa pagpunta nila sa akin imbis na nagtrabaho, para sa akin ako ang nahihirapan para sa kanila, sa gastos na rin na kinakailangan.

- – Ang gusto kop o makalaya na, makasama ang aking mga anak.

- – nagging independent po sila, at sobrang hirap sa financial na pangangailangan, nagging emotional sil t minsan nagkakaroon ng mis understanding.

- – Malaking bagay po ang pagkakakulong, una sa economic dahil 10 po ang anak ko kaya nahiwahiwalay po sila, Emotional & psychological struggle dahil na detained po ako 6 months ang bunso ko. Iyong kalinga ng ina sa formative age nila, na bubully sila sa school, hindi na rin dumadalaw ang asawa ko ngayon mas kailangan ko siya emotionally and financially (basic needs)

- – Sobrang naapektuhan ang aking mga anak ng nakulong ako, nahinto sa pag aaral, nagkasakit si mama, lumayo ang loob ng mga kapatid at anak ko sa akin.

- – Ang laki po ng epekto dahil po sa aking pagkakakulong, halos po nag bagsakan ang mga grades at nagkasakit po ang mga anak ko dahil di ko nap o sila nakakasama. Nagging pasaway na ang anak ko, ang anak ko na isa nag rerebelde nap o ang kaisipan nila at nahihirapan na ang magulang ko dahil sa ako lang po ang inaasahan ng aking pamilya at mga nak kop o, naawa nap o ako sa pamilya ko naghihirap po sila sa labas.
- – walang nag asikaso ng baon at kung gabi na walang nagmamasid sa kanila bago matulog. Mahirap tanggapin ang sitwasyon ditto kaya hindi sila dumadalaw.

- – Naapektuhan ang aking mga kapatid dahil hindi makadalaw ng madalas dahil minsan walang pamasahe. Ang aking ina hindi na makabalik abroad dahil sa nakulong ako, walang titingin sa mga kapatid ko, ang mga anak ko ay nagsitigil sa pag aaral. Bilang isang ina ay

mahirap sa loob na hindi ko maalagaan ang aking mga anak . isa po akong ina na kahit nandito ako sa kulungan natutugunan ko ang ibang pangangailangan ng mga anak ko ay naglalabada ako kahit kakarampot lang ang bayad ay iniipon ko para may maibibigay ako pag dumadalaw ang mga anak ko. Tumatawag lang po ako sa mga anak ko kasi bihira sila dumalaw, ang asawa ko ay sa haba ng pagkakulong ko ay hindi na dumadalaw.

- – ang pinakamasaklap po na pangyari sa akin ay ang nawalan na ako ng kontak sa kambal ko na anak, na iyong lagi pumapasok sa utak ko na parang tortured na ang isip ko.

**C. (Para sa mga ina) Paano mo tinutugunan at nagagampanan ang inyong pagiging ina sa mga may anak? Regular mo ba nakakausap at nakikita ang iyong mga anak?**

**SAGOT:**

- – Ang matapos na ang kaso ko makapiling ko ang aking mga anak

- – Hindi ko nagagampanan dahil nga sa aking kalagayan at bawal po siya ipasok sa kulungan, kaya kahit masilayan ay hindi ko magawa.

- - Minsan madalang ko lang nakakausap at nakikita baby ko dahil sa hirap ng sitwasyon ditto sa dalaw sa oras. Ni hindi ko mayakap dahil wala pang visiting area.

- – Dumadalaw po sila pero malimit po dahil malayo at ang transportation medyo mahal tumatawag lang po ako.

- – Natutugunan kop o by way of calling them through phone pero limited baka pwede ma extend ang oras at bilang lang po ang nakikita ko

- – Tumatawag lang po ako, di ko rin po sila nakikita kasi nasa malayo po ang pamilya ko.

- – Bihira po dumalaw ang aking mga anak, di ko po sila nakakausap o Makita man lang, naglalaba po ako dito para po pag dumalaw ang mga anak ko may maibigay po ako sa kanilang pera kahit konti. May contact po kami, nakakatawag po dito miyerkules at sabado po may tawag dito. Ang hirap po sa akin ang makulong lalo nap o sa mga anak ko.

- – hindi ko po makakasama ang mga anak ko dahil hindi daw nila kaya na makikita ako dito na nakakulong, wala na daw sa kanila gumagabay sa pag aaral at nag asikaso ng mga pangangailangan nila.

- – Nakakausap sa cell phone

**VI. PANGWAKAS**

**A. Ano sa tingin nyo ang pinaka importanteng isyu na hinaharap ng mga kababaihan sa kulungan na dapat agad tugunan?**

**SAGOT:**

- – Wala naman po, very okay lang ako ditto by gods will. Thanks to our god Jesus Christ.

- - Mahirap para sa akin o isyu ang hindi ko man lang makausap, mayakap ang aking anak ng pormal, dahil sa rehas na pagitan gustuhin ko man halikan pero sa sobrang higpit ng pasilidad na ito walang ibang magagawa kundi ang sumunod. Isa pang isyu kapag may kasalanan ang kapwa mo preso kaming walang alam damay na.
- . – Sa kagaya kung isang ina, ang tanging hangad ko lang ay payagan na pumasok ang mga anak ko kahit na sila ay maliit pa, para lamang mapawi an gaming pangungulila kahit pansamantala lamang. Gustuhin ko man pero hindi maari kaya sana payagan na sila na makapasok. Pangungulila ang pinaka masakit na nararanasan ditto sa loob ng kulungan.

- – Ang takot ko lang kung atakihin ng high blood.

- – Pang wakas makalaya na mam.

- – Ang makalaya po dahil frame up lang ako, hindi ko na kaya ang nangyayari sa loob ng kulungan.

- – Support financial galing sa asawa para sa abogado at basic needs bilang isang babae,

- – Para sa akin po maganda po ang pakikitungo sa pamilya ko ang mga personnel mabait po sila.

- – para sa akin ay ang maging regular na pagdalaw ng mga anak ko.

Huling Activity sa umaga ay pinagawa ang mga PDL ng painting tungkol sa kung ano ang gusto nila pag nakalaya na sila at pakatapos pinapaliwanag nila kung ano ang ibig sabihin ng kanilang sariling painting.

- Good morning family. Ang paliwanang kop o sa drawing ko, na ako nakakulong pero hindi ako nawawalan ng pag asa na makalaya ako. At palagi natin isipin na ang mahal na diyos nandito sa atin at hindi tayo pabayaan, palagi natin isipin na makakalaya kita, kasi walang imposeble sa dios at ang pinaka mahalaga na may pamilya tayong uuwian, isipin natin na may pamilya tayo at sila ang pag asa natin sa buhay, iyan lang po mam thank you.

- Good Morning Family. Sa drawing ko nagpapakita na ang magkaroon lang ako ng buhay kasama ang anak kosimpleng buhay kasama ang anak ko, ay kuntentado na ako at wala akong ibang hinahangad kundi makapiling ang pamilya ko na kumpleto kami na walang maghahadlang na iba at walang may natatapakan na iba. Iyon lang ang pangarap ko paglabas ko dito.

- Ang drawing ko may star , kasi iyan ang simbulo ng pag asa, kaya pag labas natin dito may pag asa tayo.

- Good morning family. Ang drawing ko ay si jesus dahil siya lamang an gating taga pagligtas at wala ng iba, ibibigay niya ang lahat ng ating kailangan, kaya paglabas natin dito gumawa lang tayo ng mabuti. Mananampalataya lang tayo.

Explained on how to fill out the Evaluation form. Then after the evaluation end of morning session. - - - L U N C H B R E A K - - - - -

Focus group discussions on the Situation of Women in Detention and Capacity Building on the Bangkok Rules for Detention Facility Officers.

**Afternoon Discussion**

**Prayer**

**National Anthem**

District Jail warden give the welcome remarks. Iyong rules natin sa management ng ating jail facilities basically ay hango naman talaga iyon sa International Laws relating to the treatment of prisoners although sa atin ang tawag sa kanila ay Persons Deprive of Liberty (PDL) pero iyong PDL na tawag sa kanila manifestation pa rin iyon ng spirit behind those laws and rules na pinapatupad kahit saan man sa buong mundo, kasi iyong objective natin sa jail management human safe keeping and development of inmates. sa ngayon mayroon tayong bisita para mabigyan tayo uli ng lecture o mga paalala kung paano ba talaga e handle ang ating mga PDL's and that aside from welcoming our visitor I also welcome you as the participants of this seminar, reminder na din sa inyo na hindi ito basta basta lang na seminar na compliance lang kaya kayo nandito, kaya I encourage all of you to listen attentively to the lectures and participate to the discussions, so iyon lamang po and welcome po uli sa mga bisita natin from Commissions on Human Rights.

Atty. Del Rosario; rendered an inspiring message.

Good afternoon po sa inyong lahat, in behalf po sa Regional Director namin na si Atty. Arlene Alangco, na dapat sana kasama naming ngayon kaso may official functions na equal important sa activity natin ngayon. Kaya in behalf of CHR kami po ang pinadala, ako po ang Atty. 1V ng CHR, ang pinadala kasama ko ang mga Information Officers na si Ms. Nelia Almonte and Ms. Geneva Avila. In behalf po sa RD naming we welcome po sa ating activity at nagpapasalamat po kami sa inyo for giving us this opportunity na makapag share sa inyo ng aming kaalaman para ma absorb ninyo at alam namin na bilang mga jail officers nag undergo na kayo ng mga trainings so para itong refreshers kaya please kung pangalawa o pangatlong beses na ninyo ito na encounter at least naulit or na refresh kayo ng inyong mga duties and responsibilities at nagpasalamat din kami sa inyong cooperation na kahit off duty kayo napilitan kayo mag laan ng time, so nagpapasalamat po kami sa inyong presence. Kaya po in behalf ng office namin at kay RD namin Atty. Arlene Alangco sana maka impart kami ng

magandang knowledge at kayo din po kung mayroon din kayong ma e share sa amin. Maraming salamat po.

Ms. Nelia Almonte – Discussed the Commission on Human Rights as National Human Body destitution.

Good afternoon Mam manel- Ngunian pong hapon you will be having this capacity building on the Bangkok Rules for Detention Facility Officers. As we all know perme na po kitang nag aattend hindi naman tayo magiging jail officers kung hindi tayo naka attend ng mga trainings, just the same rest assured that this is enhancement of our knowledge. Before we proceed the distinctions of the Bangkok rules and Madela rules gusto ko pa man ipakilala ulit ang aming opisina although kilala niyo na ito, just for us to understand kung bakit palaging nandoon ang Human Rights sa mga jail and detention facilities. Ang aming opisina ang Commission on Human Rights is an independent body created by the 1987 constitution. Nakalagay po diyan sa 1987 constitution nakasaad po diyan sa 1987 Constitution, there is hereby created an independent office called the Commission on Human Rights. Tinatawag ito na National Human Rights destitution dahil sa bilog pong mundo hanggang sa United Nations mangiilan lang ang tinatawag na National Rights Destitution, dito sa pilipinas mayroon tayong Commission on Human Rights of the Philippines. Sa ibang country mayroon man na Commission of Human Rights of Sweden. Ang Commission on Human Rights of the Philippines, ano po siya accredited as "A" NHRI, fully complying with the Paris Principles adopted the United Nations General Assembly.nag adhere po ang Human rights sa tinatawag na independence, Journalism, pluralism, broad mandate, transparency, accountability. and professional efficiency. Ang Commision on Human Rights ay may vision din pareho man sa BJMP may pangaturugan din kamo. Ang CHR vision po ay magkaroon nang PHlippine Society kung saan lahat ng tao nag enjoy ng fundamental freedom, na nirerespeto at protected ini ng estado in accordance doon sa tinatawag natin na f Human Rights Principles and Standard. Siguro po narinig na ninyo itong Universal Declaration of Human Rights, kung ano po ang nakalagay doon applicable poi to sa lahat na tao all over the world. Basta tawo ka regardless of your status, regardless of your situation in life, nandoon po ang karapatan nakalagay sa Universal Human Rights Standard and also in accordance with the observation under International Human Rights Instruments, ang tinatawag natin ditto na International Human Rights Instruments, marami po iyan. Like International Covenant on Civil and Political Rights , Economic Social and Cultural Rights, Minimum rules for treatment of prisoners at marami pang iba. Ang vision po namin bilang independent human rights commission committed po kami na masiguro ang privacy of human rights para sa protection pag proteher at pagpalaganap ng karapatang pangtao lalo na iyong tinatawag natin na equality and non discrimination particularly doon sa tinatawag natin na margenalized sector, and we all know that these persons deprived of liberty are considered as margenalized sector. What are the power and functions of Commission on Human Rights?

1. Nag imbistiga on its own or on complaint, ibig sabihin even without complainant na pumunta sa amin pwede kaming mag imbistiga "moto propio". Pag may isang kaso na narining naming sa radio o sa TV, moto propi investigation po iyan o mga complaint kung mayroon pong pupunta sa opisina namin na ma file nang complaint.

2. All forms of human rights violations involving civil and political rights. Civil Rights kasama po dyan ang right to life, freedom from torture, freedom of association, freedom of information, freedom of expression. Political Rights naman kasama ang Right to vote, Right to participate in running, and we also adopt our own operational guidelines and n Ruleof Procedure, mayron po kaming tinatawag na Omnibus Rules of Procedure kung paano mo leconduct ang sa aming operations particulary, on investigation and filing of appropriate cases in court.

3. We also provide legal measures or legal advise, doon po sa nangangailangan ng legal assistance, mostly po ang client namin ay most vulnerable sector and anybody pwede pong pumunta sa opisina naming para mag avail ng free legal aide and counselling. Hindi lang po kami para sa mga civilian pati po mga uniform personnel kung nangangailangan kayo ng legal advice pwede po.

4. Exercise visitorial powers over Jails, prisons or detention facilities. Ang mga lawyer po namin including our investigators are mandated to visit jails and detention facilities even our mental institutions.

5. We also established continuing program of research. Pareho po nang ginawa naming kaninang umaga focus long discussion with women in detention, ang purpose noon para Makita at malaman ang kanilang situation at mag came up with recommendation para mas lalo pang ma improve ang services ninyo sa kanila.

6. We also recommend to congress effective measures to promote human rights , there are existing laws which are also sometimes violative of human rights, so the Commission on Human Rights with the help of our own lawyers, and commissioners nag propose po sila ng mga amendments or creations or drafting of bills minsan para magkaroon ng Human Rights laws. We provide for compensation to victim of Human rights, violations or their families. Doon po sa namatayan, doon sa victims of Physical injuries and rape cases we provide financial assistance of course, upon accomplishing of the required documents.

7. Monitor the Philippine Government's compliance with international treaty obligations on Human Rights. Iyan po mino monitor naming, victims of torture, victims of killing , victims of illegal detention pati po minsan pumapasok ang human rights pag involve na ang right to food, right to water, right to education, right to housing, Right to health at nagbibigay po kami ng tinatawag na Human Rights advisory, pinag aaralan po iyan kung ano ang mga human rights centers and then tinitignan kung anong mga restitutes na pwede and then ma issue po ang aming commssioners o an gaming Regional directors ng Human Rights Advisory.

8. Grant Immunity from prosecution to any person whose testimony or possession of documents or other evidence is necessary or convenient to determine the truth in any investigation conducted by it or under its authority. We also grant witness protection program for victims and witnesses na mayroon mabigat na ebedensya para mag prosper ang kaso sa korte. Whenever there are victims or witnesses kinukuha po iyan nang aming central office kasi doon naka house, sa safe house..

9. request the assistance of any department, bureau, office or agency in the performance of its functions; in our case today we request the assistance of BJMP in order for us to perform our functions, because ang Komisyon ng Human Rights po ay maliit man lang kaming opisina and we will not be able to carry out all our mandates, without the help of other government institution or National Government agencies even sometime civil society organizations. Basi po duman sa aming mga powers and function we have the following programs.

1. The Human Rights protection services. Dito pumapasok ang investigation and legal assistance. And filing appropriate cases in court.

2. Human Rights Promotion we conduct education, trainings seminars orientation focus the discussion forum in order for the people to aware of their rights and we also asked the Human Rights Policy Advisory services this is to guide the government on,the human rights standard which are stated under our International Human Rights laws. And we also specialized human rights program, halimbawa, sa women, we have this gender equality and women's human rights center, tungkol po sa mga kababaihan, these our activity this morning is under the Gender Equality and human rightscenter kung saan ang focus of discussion on the situation of women is Detention all over the Philippines po. Wala na I will just show you our Commission on Human rights offices.from region 1 to 12 and we have a caraga and NCR. That;s all. Any question?

Participants: None.

Ms.Almonte. Thank you.

Next discussant: Atty. Jack Del Rosario. Discussing Mandela Rules.

Mandela rules were adopted by the United Nations General Assembly on December 17, 2015, They are known as the Mandela Rules in honor of the former South African President Nelson Mandela. Siya nakulong for Twenty Seven (27) years sa pakipaglaban sa Human Rights and Democracy. Kaya ito po ay minimum standard rules. Mga minimum rules na dapat tanggapin ng mga prison facilities, Although, admittedly, na ito po siguro sa ibang bansa lalo na iyong progressive na prison, talagang nasunod nila ito kasi may funding, and space kaya nga talagang nasunod nila. sa atin po, siguro although we are there, we are trying our best,the Philippines being the developing country, to meet and surpass the minimum standard ng rules for the treatment of prisoners. Mayroon pong sinasabi na progressive realization, kung

paano poi to makuha? Siguro sa tulong ng other government agencies especially sa LGU po sa funding. Ma surpass din iyan, dadating at dadating talaga iyan.

The basic principles of Madela Rules. Ang sabi po dito treat prisoners with respect due to human being, although po self explanatory pero ang mga PDL they are still human beinsg especially if they are not yet convicted at that time they are still innocent until proven guilty they are still na dapat po ma treat natin sila ang kanilang dignidad hindi bumaba. Tapos No prisoners will be subjected to torture and other cruel, inhuman or degrading treatment or punishment. Kayong mga jail officers bawal kayo magbigay as punishment tools to PDL na pasaway , bawal magbigay ng corporal punishment rules sa mga PDL's. mayroon tayong law 9745 Anti Torture Act, na sabi sa batas na pwedeng ma involve ang mga police or mga prison authorities if ever magkaroon ng inhuman or cruel inhuman or degrading treatment or punishment. The same thing about security for prisoners staff and service providers, dapat ma observed among yourselves. Tapos iyong mga visitors po dapat secure po sila sa loob. At ang rules na ito ay ina apply sa lahat pantay-pantay. Kahit sino ka man at kahit anong relihiyon ka man.

Ensure the integration of pisoners in the society- so, alam ko po na mayroon man silang livelihood program habang nandito sila sa loob. Dapat igwang programs na in preparation sa kanilang paglabas sa prisuhan na binibigay na mga trainings ng ibang agencies like Tesda, na paglabas nila ready sila , na hindi sila mawala dahil matagal sila sa loob ng kulungan, madali silang makakuha ng employment na makatutlong sa kanilang pamilya at ang kanilang dignidad ay maibalik.

Health care services –dapat po may libre kamong health care services, importante po ang kalusugan nila dito sa loob ng kulungan. Woman in prison who is pregnant dapat maalagaan sila pre and post care. At may mga emergency cases no need po ang judicial order dapat ma meet talaga ang minimum standard rules. Strict compliance. Nakita ko na dito sa loo bang mga inmates sila sila nagtutulungan sa loob. Tapos may right mag complain ang mga PDL kung mayroon mag abuso sa kanila sa mga custodial. Tapos ang mga rights ng mga inamates dapat ma observed. Siguro na discuss ko na lahat ang rights of PDLs, at reminders po para doon sa mga documents ng mga PDLs, it should be confidential hindi ipapakita sa or e discuss sa mga kasamahan na PDLs, at dapat may access sila sa mga case folders nila para maintindihan nila kung anon a ang nangyayari sa kaso nila. May isa pang importante sa Madela rules ang accommodation – ito po ay tungkol sa proper lighting and vintalation, nakita ko at namangha ako, kasi iwas not expecting na ganito, maayos at malinis ang mga selda, ventilated at maliwanag kaya medyo na amazed po ako sa sitwasyon, ang tubig lang ditto parang mahina, dapat magawan ng paraan iyan, kasi iyan ang kailangan sa pag maintain ng cleanliness sa facility. Sa food dapat nutritional. Tapos ang drinking water dapat e provide iyan sa mga priso, hindi dapat sila ang magbakal sa inumin tubig nila. Tapos exercise everyday. So iyan po ang summary sa Mandela rules, sana na absorb ninyo, na refresh kayo at sana ma practice natin itong minimum standard na sinasabi sa Madela, we will try our best from Minimum to

progressive Standard, of course with the help of the LGU para doon sa fundung po. Thank you. Any questions?

Participants: None.

Ms. Avila: Discussed on Bangkok rules.

My discussion will focus on the Bangkok rules kasi, The Commission on Human Rights is designate as Gender OMBUD, under RA 9710 or the Magna Carta of Women. digdi po sa magna carta of women ini po ang samuyang role as Gender OMBUD, this is basic, Ang role me igdi is pig re affirm lang, su mga trabaho me, pero this time naka focus po iyan sa attainment of Gender equality and protection of womens rights. Pag sinabi mo pong gender equality bako lang po iyan sa mga babae kaibahan man po dyan ang mga lalaki at the same time we're also giving recognition to LGBTI, kaya kanina sa group discussion supposedly 3 simultaneous group discussion, hiningi naming women in general , women 60 and above and the lesbian bi sexual and trans gender, kaso wala naman kami noong dalawang grupo, so women in general nalang ang na involved sa discussion., so iyan po ang role naming as gender OMBUD.

Sa Magna Carta saan papasok ang PDL or women in detention, kasi ang magna carta is just like a CEDAW, kasi sa CEDAW hindi lang puro ch only one look sa cedaw under magna carta may iba ibang klaseng babae, kung ang babae ay margenalized sector na may margenalized sector man ang men, gaya nang men and women, lesbian

- END OF DISCUSSION -

---

I HEREBY CERTIFY to the correctness of the foregoing transcript, to the best of my knowledge and belief.

**EVELYN M. ANIEL**

Documentor

progressive Standard, of course with the help of the LGU para doon sa fundung po. Thank you. Any questions?

Participants: None.

Ms. Avila: Discussed on Bangkok rules.

My discussion will focus on the Bangkok rules kasi, The Commission on Human Rights is designate as Gender OMBUD, under RA 9710 or the Magna Carta of Women. digdi po sa magna carta of women ini po ang samuyang role as Gender OMBUD, this is basic, Ang role me igdi is pig re affirm lang, su mga trabaho me, pero this time naka focus po iyan sa attainment of Gender equality and protection of womens rights. Pag sinabi mo pong gender equality bako lang po iyan sa mga babae kaibahan man po dyan ang mga lalaki at the same time we're also giving recognition to LGBTI, kaya kanina sa group discussion supposedly 3 simultaneous group discussion, hiningi naming women in general , women 60 and above and the lesbian bi sexual and trans gender, kaso wala naman kami noong dalawang grupo, so women in general nalang ang na involved sa discussion., so iyan po ang role naming as gender OMBUD.

Sa Magna Carta saan papasok ang PDL or women in detention, kasi ang magna carta is just like a CEDAW, kasi sa CEDAW hindi lang puro ch only one look sa cedaw under magna carta may iba ibang klaseng babae, kung ang babae ay margenalized sector na may margenalized sector man ang men, gaya nang men and women, lesbian

- END OF DISCUSSION -

---

I HEREBY CERTIFY to the correctness of the foregoing transcript, to the best of my knowledge and belief.

**EVELYN M. ANIEL**

Documentor